

1

Pabalibag na isinara ni Trevor ang pinto ng lumang sasakyan saka nagmadaling naglakad para tunguhin ang main entrance ng hospital. Buwisit na buwisit ang lalaki dahil sa makailang beses na pagpalya ng kanyang sasakyan habang patungo rito.

Ilang beses na siyang kinakantyan ng mga pinsan na palitan na niya ang lumang sasakyan, pero inuna kasi niya ang pagpapagawa ng sariling bahay. As an architect for almost six years, dapat lang naman na mas unahin niyang tapusin ang kanyang dream house. Na siya niyang ginawa. Tuloy, ngayon ay wala na siyang perang pampalit sa bulok na sasakyan niya.

Naalala niya ang dahilan kung bakit siya nagmamadali, nagngalit ang kanyang mga ngipin. What if he was too late?

This wasn't supposed to happen, anang isipan ni Trevor habang nagmamadali siyang naglalakad sa hallway ng ospital. Hindi tama. Kadarating lang ng Lolo Riston niya mula sa States para sa taunang pagbisita nito sa Pilipinas. The only time he was able to see the old man ay nang sunduin nila ito sa airpoirt dahil sa pagiging abala ni Trevor sa kanyang

trabaho. Dahil may sarili na siyang bahay, hindi na siya tumitira sa bahay ng kanyang mga magulang at doon pa naman tumutuloy ang abuelo niya. Dahil doon ay hindi sila nagkaroon ng pagkakataong magkasama nang matagalan.

Sana ay nakinig siya sa kanyang ina nang sabihin nitong magbakasyon muna siya mula sa trabaho alang-alang sa lolo. Isang buwan lang naman ang itinagal nitong pag-stay sa Pilipinas sa tuwing nagbabakasyon ito. Si Lolo Riston na nga ang naglalaan ng panahon para madalaw sila, hindi pa nila maharap nang maayos. Correction, si Trevor lang ang guilty dahil laging dinadalaw ng mga pinsan niya ang kanilang lolo kapag naririto sa bansa ang matanda.

Damn, what if it was too late?

Hindi naman siguro. Hindi posible. In fact, ngayon lang nangyari ito.

Nakita niya ang room number na sadya niya. Dahan-dahan niyang binuksan ang pinto ng silid.

“Kumusta si Lolo?” bungad na tanong ng binata sa mga taong inabutan doon.

His grandfather just suffered a heart attack. Which was surprising dahil sa pagkakaalam niya, the old man was as healthy as a carabao.

Kiss The Girl - Mari Calingayan

Wala kaagad sumagot sa kanyang tanong. Busy ang Tito Arnold niya sa pagre-review ng report sa kalagayan ng matanda. Arnold was a doctor himself pero nagtatrabaho ito sa probinsya ng Laguna.

Si Tita Lourdes naman ay minamasahe ang paa ng natutulog na matanda.

Binalingan ni Trevor ang kanyang mommy na si Minda. Nasa tabi ito ng binata, lukot ang mukha. Inakala niyang dahil iyon sa stress.

“Mommy?” tawag-pansin niya.

“Hay naku! Tanungin mo iyang lolo mo,” inis na tugon nito.

Ipinagtaka niya ang paraan ng pagsasalita nito. His mom had always been the sensible person in their family, the gentle one.

Bumakas ang pinto at pumasok sa silid ang daddy ni Trevor na si Juancho.

“Pa, ano po ba ang nangyari at inatake sa puso si Lolo?” usisa niya rito.

Ngumisi ito. “Hindi pa sinasabi sa iyo?”

“Subukan mong tumawa,” banta ni Minda.

Napawi ang ngiti ng asawa nito. “Hintayin mo

na lang magising ang lolo mo.” Sinulyapan muna nito ang ginang saka nagpatuloy. “Siya na ang magpapaliwanag sa ‘yo kung bakit nang makita sa TV si Gail Apache ay bigla itong itinuro saka sinapo ang dibdib. Oh, well...” Nagkibit-balikat ito. “It must be love at first sight.”

Tatlong pares ng mga mata ang umirap kay Juancho.

Si Trevor ay napanganga. “Gail Apache?”

“Iyong host ng dating game na *Kiss The Girl*,” anang daddy niya.

Damn.

Hindi makapaniwalang sinapo ni Trevor ang mukha at dahan-dahang naupo sa bakanteng silya.

Siyempre kilala niya ang pangalang iyon. It goes with a beautiful face kaya hindi madaling isawalambahala kapag nakita ang babaeng sa telebisyon. Kahit sa TV ay napakalakas ng karisma nito.

Enough to cause his grandfather a heart attack?

Oh, damn...

“Nakakahiya talaga,” ani Minda na muling

inirapan ang natutulog na ama. “The doctors kept asking me kung ano ang ginagawa niya bago siya atakihin sa puso, hindi ko kayang idetalye.” Lalong nalukot ang mukha nito. “You should have seen his face! Hindi ko alam kung nakakita siyia ng multo o nasobrahan ng excitement. Ang sarap batukan!”

Hindi niya alam kung sasang-ayon ba sa ina o hindi. Pilit pa ring dina-digest ng isipan ni Trevor ang mga narinig.

He wasn’t given much time to decide dahil muling bumukas ang pinto at sa pagkakataong ito ay magkakasunod na pumasok ang kanyang mga pinsan. Ang limang anak ng kanyang Tito Arnold at dalawa naman sa kanyang Tita Lourdes.

“Ano’ng nangyari?” halos magkasabay-sabay pang tanong ng mga bagong dating.

Nagkatinginan ang limang taong inabutan ng mga ito sa silid.

Walang sumasagot.

Nagkamalay si Lolo Riston pagkatapos ng isang oras. Inilibot nito ang paningin sa paligid, and all he saw were grim faces of his family.

“I can explain.”

“We’re sure you can,” seryoso ang boses na sabi ni Arnold.

“Nang makita ko iyong mukha sa TV, there’s no doubt nakita ko si Gaya,” kumbinsidong sabi ng matanda na parang takang-taka.

“And who’s Gaya?” tanong ni Minda.

“My wife.”

“Your wife?” chorus ng mga kamag-anak.

Tumango ang matandang nakaratay sa kama. “I was really married to Gaya,” anito, pagkuwa’y napakunot-noo. “Pero siyempre imposibleng si Gaya iyong nakita ko sa telebisyon, so marahil ay apo niya ito or someone close.”

Napayakap si Minda kay Trevor. “Please don’t let me faint,” anito sa boses na halatang upset. Binalingan nito ang ama. “Are you trying to say, Daddy, na hindi kayo kasal ni Mommy?” sumbat nito. “Na illegitimate kaming mga anak n’yo?”

“Of course not,” anang matanda. “Kinasal din kami ng mommy n’yo.”

“You committed bigamy?” Nanlaki ang mga mata

ni Arnold.

Nasapo ni Riston ang mukha. “Oh, please! Just be quiet and listen. Let me start from the beginning.”

Pinagtiklop ni Arnold ang mga braso sa dibdib. “Well, we don’t have all the time in the world. You may start now.”

And so the story began.

It happened during the war. Nabibilang si Riston sa mga grupong Kankanaey sa Mountain Province, ganoon din si Gaya. He was nineteen and she was seventeen when they were married under the Igorot custom.

Napangiti pa ang matanda, ngiting nakakaloko.

“There I was, na akala ko’y katuparan na lahat ng pangarap ko. We were busy celebrating and I couldn’t wait for us to be alone, nang bigla’y may sumabog sa di-kalayuan. The war had finally reached us. Kahit pa ang akala namin ay hindi iyon mangyayari. They were dropping bombs everywhere.” Umiling pa ito. “I’ve always hated the Japanese for that. They could have, at least, waited until the honeymoon was over.”

Nasapo ni Minda ang mukha. Tinakpan naman ni Lourdes ang mga tainga.

Si Trevor, tulad ng ilang pinsan, ay kinagat ang labi para pigilan ang pagtawa.

“So you see,” patuloy ni Lolo Riston na bumuntong-hininga pa, “nasira ang kasal ko. Nagtakbuhan ang mga tao. Natamaan ako ng bala. I can still see the horror on her face habang hinihila siya palayo ng mga magulang niya. They all believed I was dead. Pero siyempre hindi lang naman isang bala ang katapat ko.” Ngumisi pa ito. “Eventually, nakita ako ng mga Amerikanong sundalo at tinulungan nila ako. I became indebted to them kaya naman sa sumunod na apat na taon ay nagsilbing guide nila ako doon sa kabundukan.”

“Ano’ng nangyari kay Gaya?” It was Trevor who spoke. Hindi na niya napigilan ang curiosity na bumangon sa kanyang dibdib. Pampelikula pala ang kuwento ng lolo niya. And he couldn’t believe na nanatiling lihim ang bahaging iyon ng buhay nito sa loob ng ilang dekada.

Nagkibit-balikat ito, na para bang sinasadyang mas bigyan ng drama ang pagkukuwento. “All those years, whenever I had the chance ay hinahanap ko siya. From one village to another, pero wala. Her whole family seemed to vanish. Ang ilang kamag-anak nilang nakita ko ay hindi rin alam kung saan

na sila napunta.

“When the war ended at hindi ko pa rin siya nakita, I gave up hope at inakalang namatay siya sa giyera. The American soldiers offered to help me get to the States, na agad ko namang sinunggaban.”

And that was where he met the beautiful Margaret, isang Amerikanang na naging kabiyak ni Riston. Nabibilang ito sa isang pamilyang may shoe-making business.

Dito rin nagtrabaho si Riston for years at nang makaipon sila at napag-aralan ang negosyo, they started a business on their own na lumago nang lumago at ngayon ang *Power-Up Shoes* ay siyang pinakasikat na brand sa Florida.

“Did Mommy know about your past bago kayo nagpakasal?” ani Arnold.

“Siyempre. Hindi ko naman ililihim ang ganitong bagay sa mommy n’yo. She knew every detail.”

“Hindi porque’t sa States kayo ikinasal ay hindi na bigamy iyon. Or did you convince yourselves na talagang patay na si Gaya, and there’s nothing wrong with getting married?” ani Lourdes.

“O labis mo bang binabalewala ang kasal n’yo

dahil wala namang papel na nagpapatunay?” segunda ni Arnold.

Umikot ang eyeballs ng matanda. “Listen, my marriage to Gaya was never consummated. So it was not binding at all,” kumbinsidong sabi nito.

Nagkatinginan ang mga kapamilya nitong naroon sa silid na iyon.

“Do you think he’s right?” pabulong na tanong ni Minda kay Trevor.

Nagkibit-balikat siya. “I’m not sure. Pero iisipin na lang nating oo, for our own peace of mind.”

“That’s not helpful at all.” Bumuntong-hininga ang kanyang mommy.

“Is that all there is to your story?” tanong ni Arnold sa ama. “Or do you have other skeletons in your closet na matagal nang itinatago? If there are, please tell us now.”

“No more, no less,” pasimpleng sagot ng ochenta y nueve na matanda.

“Pero inatake ka ba talaga sa puso, Lolo?” nakangiting tanong ni Trevor.

Napatingin uli ang lahat kay Lolo Riston, gusto

nga nilang marinig ang sagot sa tanong. “Oh, that.” Ngumiti ito. “Hindi talaga mapantayan ang gulat ko nang makita ko ang mukhang iyon. I have to meet that girl. I have to know kung kaanu-ano niya si Gaya.”

“Baka naman nagkataong magkamukha lang sila?” anang isang apo.

“I’d bet an arm and a leg na apo iyon ni Gaya,” giit ng abuelo.

“Okay, sabihin na nating tama ka,” ani Arnold. “Pero hindi mo na siguro kailangan pang kilalanin siya nang personal.”

“Kahit papa’no, mahalagang bahagi din si Gaya ng buhay ko.” Sumeryoso ito. “I have to know the kind of life that she’d had.”

“Sa tingin ko, umaasa kayong buhay pa siya at parang gusto n’yong i-resume ang naudlot n’yong pag-iisang-dibdib,” ani Jing na isang pinsan ni Trevor. “Which is kind of romantic. Naku! Sisikat kayo, Lolo, dahil siguradong magiging issue kayo sa media.”

Umirap ang lahat dito.

“Bigyang-halaga mo naman ang alaala ni Mommy,” ani Minda. “Irespeto natin siya.”

“As I’ve said, alam ng mommy n’yo ang tungkol kay Gaya. And you all know kung gaano kabuti ang inyong ina. Hindi niya mamaliitin ang bagay na ito. In fact, kung nabubuhay pa siya ngayon, baka siya pa ang unang gagawa ng paraan para kilalanin ang babaeng iyon sa TV at alamin ang kaugnayan nito kay Gaya.”

Sa kanilang isipan ay hindi maiwasang sumang-ayon ng mga kamag-anak ni Riston.

“So, how are you going to meet this girl?” ani Donald, ang panganay ni Arnold.

“Dalhin natin si Lolo sa taping ng show niya.”

“And let him have another heart attack in front of the camera? No way!” ani Minda.

Napabungisngis ang ilan.

“I suggest one of you kids should meet her and explain the situation,” ani Arnold. “Huwag nating biglain iyong tao. Malay natin, baka wala rin itong kamalay-malay sa nakaraan ni Gaya. O kaya, baka naman hindi niya pala ito kaanu-ano.”

“I can go and pretend to be an avid fan,” prisinta ni Jing.

“No, no,” ani Lourdes. “With your personality,

you might scare her off. One of the guys should go.”

Sabay-sabay silang tumingin kay Trevor.

“Excuse me,” aniya. “Ako lang ba ang lalaking apo n’yo, Lolo?” Tiningnan niya ang matanda. “How about these four?” Iminuwestra niya ang iba pang pinsang lalaki.

“Heidi is due to give birth any day now, please don’t make me do it,” ani Donald na ang tinutukoy ay ang buntis na kabiyak.

“Ako na lang ang kakausap sa Gail Apache na ito,” anang nineteen-year-old na si Leo.

Ang mommy nitong si Lourdes ang pumigil. “No way! Baka wala kang gawin kundi maglaway nang maglaway kapag nakita mo siya in person. Kapag nanonood ka nga lang ng *Kiss The Girl*, eh, hindi ka na makausap nang matino.”

“Then Trevor should go and meet her,” ani Gary na itinuon sa kanya ang pansin. “After all, siya lang naman ang hindi dumadalaw kay Lolo dahil lagi daw siyang busy. Maybe you could do something for him now. Maliit na bagay lang naman ito.”

“Gusto mong mabatukan?” ani Trevor na naiinis sa paggamit nito ng emotional blackmail.

“But he’s right,” sang-ayon ni Juancho. “Ikaw lang ang hindi nagbibigay-halaga sa pagdating ng lolo mo.” Ginatungan pa nito ang panggigisa sa kanya.

“Wala akong intensyong magmukhang tanga sa harapan ng babaeng iyon. She’s a celebrity, for goodness’ sake!” Magsasalita pa sana si Trevor nang makita ang expression sa mukha ng kanyang lolo kaya napatigil siya.

It looked so hopeful na para bang ang mga mata nito ay tahimik siyang kinakausap para sumang-ayon.

Ito ang direktang kinausap niya. “Lolo, please, hindi ako magaling mangkumbinsi ng tao. Mahina ang convincing power ko.”

Ngumiti si Lolo Riston. “Paano ka naman nagkaroon ng fourteen girlfriends kung hindi dahil diyan sa convincing power mo?”

Nanlaki ang kanyang mga mata. “Binibilang mo ang nagiging girlfriend ko? I don’t even do that!” Natigilan siya. “And speaking of girlfriends,” aniyang nakaisip ng paraan para lumusot. “I happen to have one right now, at i-consider naman natin kung ano ang mararamdaman niya kapag nalaman niya ito.”

“Come on,” anang isang pinsan na dalaga. “Kung ipapaliwanag mo nang maigi kay Aileen na para kay

Lolo ito, hindi naman siguro masyadong makitid ang utak niya para hindi ito maintindihan.”

Isang masamang tingin ang natanggap nito mula kay Trevor. “I’ll have you know that Aileen is a very understanding person.”

“So it’s settled,” ani Minda na ayaw nang makalkal kung paanong updated ang ama sa mga girlfriends ni Trevor. Paano ay ito ang nagre-report sa matanda. “Attend one of her tapings this week.”

“I won’t even know where to start.” Itinaas ni Trevor ang mga kamay sa ere. For the first time mula nang maging independent siya sa mga magulang, feeling helpless siya dahil hindi niya alam ang gagawin. Isali pa ang katotohanang ayaw niya itong gawin.

“I have a classmate who usually watch her tapings,” ani Jing. “Text kita kapag nakuha ko ang kailangan mong information.”

“I’ll buy you a new cellphone, kahit anong brand, kung pupunta ka sa studio instead of me,” aniya rito.

Hindi nagkaroon ng pagkakataong sumagot si Jing, dahil lahat ay napatingin kay Lolo Riston nang magsalita ito. “I’ll buy you a new car,” anito kay Trevor, “if you can successfully bring her to meet me.”

Kiss The Girl - Mari Calingayan

Natigilan siya. Pinagmasdan niya ang matanda, tinatantya kung nagsasabi ito ng totoo.

“I’m serious,” anito.

“I want a *Ford Expedition*.”

Nagkibit-balikat ito. “Whatever you like. It will be given to you provided you accomplish your mission.”

Hindi na niya kailangang mag-isip nang matagal. The idea of a new car was most welcome. Kahit pa ang kapalit niyon ay ang lunukin ang pride niya at mag-pretend na fan ng isang magandang celebrity.

2

“Honey, akala ko ba nagbabakasyon ka from work dahil inatake sa puso ang lolo mo?” tanong ni Aileen na kausap niya sa phone. “Bakit ni hindi ka man lang makadalaw?”

“May ibang pinapaasikaso kasi si Lolo,” ani Trevor na pilit isinasawalambahala ang guilt na nararamdaman dahil sa paglilihim sa nobya. “Pero kapag natapos ko ito ngayong araw, I might be able to visit you tomorrow.” Sa Pampanga kasi nagtatrabaho ang kanyang girlfriend na isang accountant.

He felt guilty as hell. Kahit pa sabihing napipilitan lang siyang gawin ito. It still involved another girl, at alam niya kung gaano ka-sensitive ang mga babae. Siguradong magdaramdam si Aileen kapag nalaman nito ang mga nangyari sa kanya ngayon. In fact, baka magalit pa nga ito.

“Okay then.” Gumaan ang boses nito nang sabihin niya ang posibilidad na maaaring madalaw niya ito kinabukasan. “Pakikumusta na lang ako sa family mo. ‘Love you.’”

“Okay, ingat ka. ‘Love you.’”

Kiss The Girl - Mari Calingayan

And so sinimulan na ni Trevor ang kanyang mission. He sat among the audience na parang basang sisiw. Never in his life na nakaramdam siya ng sobrang kawalan ng self-confidence. Hindi niya lubos-maisip na magagawa nga niyang lumapit kay Gail Apache kahit pa siguro tutukan siya ngayon ng kutsilyo sa leeg.

There she was, commanding the stage. Ang siste kasi ng reality show nito ay nagsisimula sa isang blind date na sini-set up nila. Monitored ang lahat sa date at sa bandang huli kung saan maghihiwalay na ang magkapareha ay malalaman kung successful ba ang gabing iyon. Hahalikan ng lalaki ang babae pero bago sila maghiwalay ay iaabot ng babae ang envelope na naglalaman ng isa sa dalawang posibleng larawang naroon. It's either a picture of two thumbs up or two thumbs down.

At pagdating sa set ng show ay parehong naroon ang parehong nag-date at mabibigyan sila ng pagkakataong ipaliwanag ang kani-kanilang side.

The situation could get nasty at times, pero roon pumapasok ang galing ni Gail Apache bilang host dahil nakokontrol nito ang mga guests.

Just look at her now, anang isipan ni Trevor na hindi maiwasang bumilib. Kinukumbinsi nito ang

Kiss The Girl - Mari Calingayan

mga guests na hindi lahat ng date ay nagki-click, etcetera, etcetera. Maya't maya ay matatawa ang mga guests pati na ang audience.

Nasapo ng binata ang mukha. Bakit ba siya pumayag-payag sa ipinapagawa sa kanya ng abuelo? Hindi niya lubos-maisip kung paano siya lalapit sa babaeng ayon dito ay kamukha ng first wife nito. Ano naman ang sasabihin niya kay Gail?

Hi, Miss Apache. May I have your autograph? Siyanga pala, posibleng naging asawa ng lolo ko ang lola mo kaya gusto ka niyang makilala. Puwede ka bang sumama sa akin ngayon?

Ganoon? Aba'y ilang segundo pa lang siguro silang magkakarap ay pinapakaladkad na siya palabas sa mga guwardiya! And he wouldn't even blame her.

What kind of girl are you? tanong ng isipan niya habang pinagmamasdan ang babae. She looked so down to earth. Na parang ang daling lapitan.

Pero sa totoong buhay kaya, ganito pa rin ba kaprangka ang babae? She let the people in the studio know about her views and opinions with regards to dating? O palabas lang ba lahat ng nakikita niya sa stage?

Muling sinapo ni Trevor ang mukha, at nang

mag-angat siya ng paningin para muling tingnan ang babae ay natigilan siya.

It was just a passing moment, nang magtama ang mga paningin nila—but it seemed like eternity. Na para bang kay daming naiparating na mensahe sa simpleng tinging iyon.

Gusto niyang batukan ang sarili. *You're imagining things, aniya sa isipan. Were you hoping na sa pamamagitan ng tingin ay naiparating mong gusto mo siyang makilala right here, right now?*

Biglang tumayo ang lalaki, and without taking a second look at the stage ay umalis sa studio.

“You did not approach her?” tungyaw ni Jing nang abutan niya ito sa bahay ng kanyang mga magulang. Iniuwi na roon si Lolo Riston. “Matapos lahat ng paghihirap ko para alamin ang mga kailangan mo tungkol sa schedule ng taping niya?” Sinapo nito ang noo at umirap sa kanya. “And’on ka na nga, umayaw ka pa. Aba, kung umasta ka’y para kang high and mighty, duwag ka naman pala,” pang-aasar nito.

“Tumigil ka nga diyan kung ayaw mong mabatukan,” gigil na sabi ni Trevor. “Kung

makapagsalita ka, akala mo ang dali-dali lang ng ipinapagawa sa akin.”

“Aba, hindi naman si Queen Elizabeth iyong tao, ah!” asik nito. “Sanay na iyon sa mga fans na lumalapit sa kanya. Humahalik, yumayakap, nagpapa-autograph. That’s normal! Siguro lang kasi pinaiiral mo ang pride mo kaya ayaw mong gawin ‘to.” Sinimangutan siya ng pinsan.

Umubo ang kanilang lolo na nakaupo sa rocking chair at kasalukuyan silang pinakikinggan. Gusto nitong kunin ang kanilang atensyon.

“It’s okay, Trevor,” anito, pagkuwan ay kinindatan pa si Jing. “If you can’t do it, si Jing na lang. Sa kanya ko na lang ibibigay iyong bagong sasakyan.”

Parang batang naglabas ng dila ang babae, inaasar siya.

Ito naman ang inirapan ni Trevor. “Tingnan mo ang isang ‘to, porque alam niyang gusto ko ng bagong sasakyan. All right! I’ll go back on Thursday, may taping uli sila. Tapusin ko na nga ito para matahimik na kayo,” inis na sabi ng lalaki at tumalikod upang magtungo sa kusina.

Ngingiti-ngiting sinundan ng tingin ni Lolo Riston ang apo.

“Bakit ba kasi inaakit mo pa siya diyan sa offer mo ng sasakyan?” untag ni Minda. “Willing naman si Jing na gawin ito para sa iyo kahit walang kapalit.”

Tumangu-tango si Jing. “Oo nga, Lolo, hindi naman ako manghihingi ng sasakyan. Bagong TV phone lang naman at saka laptop.”

Kinurot ito ng ginang sa tagiliran. Tumatawang lumayo si Jing at sinundan si Trevor sa kusina.

“Hindi ka ba naaawa sa sasakyan ng anak mo?” baling ng matandang lalaki sa anak. “Aba, kung aalukin niya akong sumakay d’on, eh, tatanggi ako, parang di makakarating sa pupuntahan.”

Hindi napigilan ni Minda ang mapatawa. Ngunit nahuli nito ang kakaibang ngiti ng ama. “Iyan ba talaga ang rason mo o may ibang naglalaro sa utak mo?”

Nagkibit-balikat ito. “I have a feeling na may tsansang ma-attract si Trevor sa Gail Apache na iyon, and when that happens, baka ituloy nila ang naudlot naming pag-aasawa ni Gaya.”

Nasapo ng ginang ang noo. “Diyos ko, Papa! Kahit kelan hindi maaasahan iyang ngiti n’yong iyan! Nakalimutan n’yo na bang may girlfriend si Trevor? At sa tingin ko, seryoso ang apo n’yo dahil ang babaeng

ito ang pinakamatagal niyang karelasyon. They've been going steady for eight months already. That's a good sign."

Muli ay ngumiti lang si Lolo Riston.

"You cannot come today? Bakit?" ani Aileen habang kausap ang nobyo sa phone. Halatang nababanas ang boses nito.

Hindi naman ito masisi ni Trevor; matapos niya itong paasahin ay hindi niya pala matutupad ang sinabi. She had the right to be angry. "Hindi ko kasi natapos iyong ipinapagawa sa akin. But I'll come and see you as soon as I can."

"Miss na kita." May pagmamaktol sa boses nito.

"I'll see you soon. Promise."

"You'd better keep that promise." Bumuntong-hininga ang nasa kabilang linya. "Kung may oras sana ako, kahit ako na ang luluwas para makilala ko naman ang lolo mo."

Trevor felt happy na nagpapakita ng interes si Aileen na makilala ang kanyang abuelo.

"I'm sure magugustuhan ka niya."

Kiss The Girl - Mari Calingayan

Na-pacify naman ang feelings nito nang marinig iyon. Pero tulad noong una, naduwag pa rin siya. Kahit rehearse siya nang rehearse ng dialogue ay walang pumapasok sa kanyang isipan. Kasi naman, ang unang problema ay kung paano niya lalapitan ang TV host.

Noong unang araw siyang um-attend, napansin niyang tuwing nagbe-break sa taping ay laging pumapasok si Gail sa isang pintuang tanging kurtina ang nakatakip. Nagre-retouch ito marahil ng makeup.

Doon niya ipinuwesto ang sarili ngayon. Kasalukuyang binibigyang-pansin sa stage ang isang singer na guest sa show.

“Model ka?”

Gulat na napatingin ang binata sa katabi. Hindi niya napansing kanina pa pala siya pinagmamasdan ng matabang bakla. Pamilyar ito sa kanya. Lagi itong kinakausap ni Gail kapag break.

Ngumiti si Trevor nang pagkatamis-tamis, intending to charm the stranger. Nasilip niyang maaari itong makatulong para maisakatuparan niya ang sadya.

“Hindi naman. But I’ll take that as a compliment.”

Kiss The Girl - Mari Calingayan

Sinuri siya nito mula ulo hanggang paa. Pakiramdam niya ay para siyang ginigisa sa mantika.

Hindi niya naisip na makakaramdam siya ng ganito katinding kaba. He knew he was a goodlooking guy, and his lean body was just perfect for his 5'9" height. Pero bakit hindi pa rin niya maiwasang kabahan? He badly wanted this stranger's approval.

Tinaasan siya nito ng kilay pagkuwan, "You should try modelling. Gusto mong tulungan kita?"

Napangiwi si Trevor. He was not willing to go as far as that. Kontento siya sa kanyang tahimik na buhay.

Hindi na niya kinakailangang sumagot dahil lumipat ang atensyon ng bakla sa stage.

Nagkaproblema yata sa lighting kaya break uli. Pagkatapos sandaling kausapin ang panauhin sa show ay pababa na uli ng stage si Gail.

At nakangiti ito habang papalapit sa kanila!

Kulang na lang ay sapuhin ni Trevor ang dibdib para pigilan ang nararamdaman kaba.

For a moment, inakala niyang sa kanya nakangiti ang dalaga. Wrong. Ang katabi niyang bakla ang nilapitan nito at nagbeso-beso pa ang dalawa.

“That dress is sensational,” anito kay Gail.

“Thank you,” tugon ng babae at tumingin kay Trevor. “Friend mo?”

“Sino?” Nilingon siya ng bakla. “Ah, siya? Hindi. Akala ko kasi kanina model kaya ko kinausap. Pero hindi daw. Hard to believe, ‘noh? He’s got it. Tinanong ko nga kung gustong magmodelo, eh.”

Inilahad ng babae ang kamay. “Hi, I’m Gail. You were here the other day.”

Damn, why did she have to be so nice?

Nakipagkamay ang lalaki. “Trevor,” aniya na hindi maiwasang ma-flatter. Naaalala pala siya nito. “I’m a fan of your show. It’s very interesting.”

Liar, liar! Go to hell! anang isipan niya.

“Interesting?” Nangislap ang mga mata ng dalaga na hindi kumbinsido sa sinseridad ng sinabi niya. “Paano kung i-dare ka ng isa sa mga friends mo na sumali sa show? Papayag ka ba sa isang blind date? Will you still find it ‘interesting?’”

He didn’t even think, lumabas lang ang mga salita sa kanyang bibig. “Only if you were my date.”

Nagkatinginan sila. Parehong napawi ang mga

ngiti at nakaramdam ng discomfort.

Great, his only aim was to get her to meet his balikbayan grandfather, pero heto't nagpapakita siya ng maling motibo. Kahit papaano ay ayaw niyang bigyan ng maling akala ang babae. No matter how attractive she was, the fact remains na may girlfriend siya at ito ang totoong mahal niya.

“Hoy, girl! Kailangan mo nang mag-retouch, naayos na ang problema sa stage. Dali!” Itinulak ng bakla si Gail papasok sa pinto saka binalingan si Trevor. “Maganda iyong ideya mo. Ako si Chona, ang kanyang manager. Diyan ka muna, ha,” anito at sinundan ang alaga.

3

Sa loob ng silid ay sinalubong ni Gail ng kurot si Chona na hanggang tainga rin ang ngiti. “Where did you find that guy?” pigil na pigil ang kilig sa boses niya. “I’ve never seen someone so attractive!”

“I swear hindi ko talaga siya kilala. Napansin ko lang siya kanina na nakatayo sa labas.” Parang mga magnanakaw na nagbubulungan ang dalawa. “Kaya nga inakala kong model dahil sa hitsura niya. Kapag nakuha ko siya bilang talent, magkakalap ako ng maraming pera.” Tumawa ito nang pabungisngis, pagkuwan ay tinapik siya sa balikat. “Ay, girl, halatang interesado siya sa iyo. Noong una ko pa lang siyang nakita, talagang nakatitig siya sa stage, pinapanood ka. Kung ako ikaw, huwag ka nang magpakiyeme, landiin mo na!” Siya naman ang kinurot nito.

Hindi yata madali para kay Chona ang biglang nag-a-approve sa mga lalaking gustong mapalapit sa alaga. As her manager, bantay-sarado ito dahil nga naman sa maaaring idulot ng mga issues sa kanyang wholesome image. Pero heto’t kahit hindi pa kilala iyong lalaki sa labas, kumbaga sa evaluation, sa halip na tingnan muna ang over-all presentation ay

approve na approve na ang resulta.

Na-trigger naman lalo ang lakas ng loob ni Gail. “Kaya nga lumabas ka na’t i-engage mo siya sa usapan. Naku po talaga! In love na yata ako mula pa nang makita ko siya noong isang araw.”

Binatukan siya ng baklang manager. “Huwag mo naman i-exaggerate, in love ka diyan!” Pinandilatan siya nito. “For someone who hasn’t had any boyfriend—hindi mo alam kung ano talaga ang feeling ng ma-in love.”

“Shh! ‘Wag mo namang ibisto. Ayaw na ayaw kasi niyang malaman ng ibang tao na hindi pa siya nagkakaroon ng boyfriend ever since. Na-e-enjoy niya nga kung nali-link ang kanyang pangalan sa ibang showbiz male celebrities. As long as harmless ang mga issues. Baka kasi isipin ng publiko na manang siya kapag nalamang hindi pa siya nagkakanoby.

“Hayaan mo namang isipin nilang tao din ako.” Tumawa si Gail saka itinulak ang bakla. “Lumabas ka na, dali! Feeling ko magkaka-boyfriend na ako for real. That’s the type of man na hindi matatakot sa tatlong higanteng pulis.”

Umikot ang mga mata ni Chona na alam kung sino ang tinutukoy niya. “I know what you mean.

Sige na, magpaganda kang mabuti at ako'ng bahala sa labas.”

Siyempre hindi talaga umalis si Trevor, kahit pa nakaramdam siya ng hiya sa sarili kanina. Feeling niya kasi ay lumampas siya sa borderline. Masyado siyang naging prangka, ni hindi pa nga sila magkakilala ng babae. Pero hindi siya aatras. Ngayon pang he was one step closer to his goal?

Remember, you'll get the Ford Expedition promised by Lolo, aniya sa sarili.

“It will be given to you provided you accomplish your mission,” naalala niyang sinabi ng matanda.

Pilit niyang kinukumbinsi ang sariling hindi nagiging personal ang interes niyang makilala si Gail Apache. So what if she was stunning? So what if she was acting friendly to him?

May girlfriend siya who happened to be a wonderful person. Naramdaman niya uli ang guilt nang maalala ang nobya. Si Aileen na walang kaide-ideya sa kung anong pinaggagagawa niya nitong nagdaang mga araw. He justified the secret sa pamamagitan ng pagkumbinsi sa sarili na ayaw niya itong isali sa problema ng pamilya. Tatal hindi

naman ito malaking bagay. Kapag nagkakilala na ang lolo niya at si Gail, doon din matatapos ang lahat.

Wala naman talagang dapat ipag-alala si Aileen. They had a solid relationship.

“Hi, okay ka lang dito?” agaw ni Chona sa kanyang atensyon. Kalalabas lang nito mula sa pintuan.

“Oo naman.”

“By the way, ako nga pala si Chona, ang manager ni Gail,” pagpapakilala nito, sabay lahad ng kamay.

Tinanggap niya iyon. “Trevor.” Saglit silang nagkamay.

“Iyong tungkol sa ideya mo na sumali sa show at si Gail ang gawing blind date mo, gusto ko iyon.”

“Talaga?” Tumawa si Trevor. “But I didn’t really mean it. It was presumptuous of me. Nakakahiya naman kay Miss Apache.”

“Nonsense, walang hiya-hiya dito. At di ba sa ibang game shows, minsan iyong host ng show ang pinaglalaro? Puwede rin nating gawin dito.” Sandaling tumigil ang bakla dahil lumabas si Gail. Ngumiti ito kay Trevor ngunit hindi nakita ng lalaki ang palihim na pagkurot nito kay Chona saka

nagmadaling bumalik sa stage.

“We can talk about it mamaya pagkatapos ng taping,” patuloy ni Chona na pinipigil himasin ang parting nakurot ng alaga. “I’ll tell you the features of the show saka ka na mag-decide. Then I’ll talk to the producers. Hindi naman ako matatanggihan dito, eh.”

The thought of actually joining the show scared the hell out of him, pero mas binigyang-pansin niya ang pagkakataong mas matagal pang makasama ang bakla. Malamang makakausap niya pa si Gail. Tapos, saka siya dederecho sa totoong pakay niya.

Ngumiti nang pagkatamis-tamis si Trevor na alam niyang magpapakilig nang husto sa manager. “Why not?”

Hindi siya nagkamali ng hula, kasama nila sa kanilang pag-uusap si Gail. It was right after the taping.

May restaurant sa tabi ng studio at doon sila nagpunta. They started talking about the possibility of doing the show as the contestants.

“Naku! Hindi naman yata matatawag na blind date kapag ako ang ipapareha sa kanya kasi

magkakilala na kami,” tumatawang sabi pa ni Gail.

“Eh, di huwag muna kayong mag-usap para hindi n’yo makilala ang isa’t isa. Saka na lang,” suhestyon ni Chona. Ngunit nang ibabaling sana nito ang atensyon kay Trevor ay biglang may umagaw sa pansin nito, sa isang table sa di-kalayuan. “Naku, si Alice ‘yon, ah! Saglit lang at may importante akong sasabihin sa kanya.” Mabilis itong tumayo upang lapitan ang taong nakita.

Nagkatinginan ang dalawang naiwan.

“So, we are not supposed to talk to each other?” ani Trevor.

“Huwag mong ang pansinin iyon, hindi ako bilib sa plano niya. And I have a feeling na hindi ka naman talaga interesadong maging guest sa show ko.”

Nagkamot ng ulo ang binata. “To be honest with you, sumakay lang ako sa mga pinagsasabi niya para magkaroon ng pagkakataong makilala ka,” pagamin niya.

He had no idea kung gaano kalakas ang kilig na nararamdaman ng kaharap nang sandaling iyon.

“Gan’on?” Kunwari ay pasimple lang si Gail. “Tiyak madi-disappoint si Chona nang husto.”

Kiss The Girl - Mari Calingayan

Napatitig si Trevor sa mga mata ng kaharap. Ninenerbyos ba ito? Was this famous celebrity feeling uncertain at this moment? Wala ba itong confidence sa sarili?

Then it hit him.

Damn. Attracted sa kanya ang babae!

That's why she was acting so unsure of herself.

Naalala ni Trevor ang totoong pakay. He had to act on it now. Hindi na niya ito dapat patagalin pa.

“May tatanungin nga pala ako,” umpisa niya. “Puwedeng malaman ang pangalan ng mga lola mo?”

Napakunot-noo si Gail. “Bakit napasok sa usapan ang mga lola ko?”

“Just humor me, Gail.” Ngumiti siya.

Nakakunot-noo pa rin ito pero sa kabila ng pagtataka ay sumagot naman. “Well, sa father side ay si Lola Eliza, at sa mother side ko ay si Lola Gaya. Why?”

Dahan-dahang ibinaba ng lalaki ang hawak na baso. Iinom sana siya ng juice. “So he's right.”

“Sino?” Lalong nalito ang babae.

“Ang lolo ko. Tama ang hula niya na apo ka ni Gaya.” Nagkibit-balikat siya. “It’s a long and complicated story, but the gist of it is, naging mag-asawa ang Lolo Riston ko at ang lola mo, something like that.”

“No way!” tumatawang sabi ng dalaga. Honestly believing na ginu-goodtime lang siya ng kaharap.

“I’m serious.” Ngumiti rin siya. Hindi nga naman kapani-paniwala ang narinig ng babae. Nagmumukha siyang luko-luko sa pinagsasabi. “Anyway, nang makita ka ng lolo ko sa TV, akalain mong inatake siya sa puso. Now, it is his greatest wish na makilala ka.”

Ang ngiti ni Gail ay unti-unting napawi. “Gan’on ba?” Tumangu-tango pa ito. “That’s an interesting story. Saglit lang, I have to go to the powder room.”

On her way there ay hinila ni Gail si Chona mula sa table na kinaroroonan nito at nagtungo sila sa isang sulok.

Trevor realized that he had given the TV host the shock of her life. At kung iniisip nito ngayon na sira-ulo siya, he wouldn’t blame her.

After a minute ay bumalik si Chona. “Gail had to leave dahil may emergency call. Pero sinabi niyang ibigay mo sa akin ang address ng lolo mo at

tingnan daw niya kung ano ang magagawa niya kapag nabakante siya.”

Back in the studio, pinandilatan ng baklang manager si Gail nang pinuntahan siya nito sa dressing room. Kasalukuyang pinapapak ng dalaga ang kinakaing ice cream mula sa gallon niyon na komo katapusan na ng mundo at hindi na siya makakakain ng ganoong dessert bukas.

“Ano naman ang drama mo?” bungad ni Chona. “Tinamaan ba ng kidlat iyang utak mo kaya’t naisipan mong mag-disappearing act matapos mong ipasabi sa akin ang mensahe mo sa kanya?”

“That moron!” Puno ng panggigigil ang tinig ng dalaga nang magsalita bago muling sumubo ng ice cream. “May nalalaman pa siyang pangiti-ngiti, pacute and everything, meron lang pala siyang pabor na gustong hingin sa akin! Nagpapanggap na interesado sa show ko! Akala ko pa naman type niya ako! Ulol na ‘yon! Pangeet!”

Napakunot-noo ang kausap at naupo sa kanyang harapan. “Ano ba’ng sinabi? Ano ang totoong kailangan niya sa ‘yo?”

“He just wanted me to meet his lolo! Can you

believe it? His lolo!” matinis ang boses na sabi ni Gail.

“Calm down. Baka naman diskarte lang niya iyon. As lame as it may sound, pero baka gusto lang magkaroon ng rason para maimbitahan kang mag-dinner sa bahay nila.”

Inirapan niya ito. “Huwag mo na akong bigyan ng maling pag-asa. My gosh!” Sinapo niya ang noo. “Why couldn’t he have simply walked toward me and said, ‘Hey, gusto kang makilala ng lolo ko. Napag-utusan lang ako at wala akong personal na interes sa ’yo. Mahirap bang gawin ‘yon? At least, hindi sana ako nagkaroon ng maling impression, di ba? Kahit nga ikaw nakumbinsi niya na interesado siya sa akin.”

Nagkibit-balikat si Chona na napapantastikuhan habang pinapanood siyang panay ang subo ng ice cream.

“Well, you have the right to be angry,” sang-ayon nito. “But not very angry.” It just shows kung gaano nasaktan ang alaga sa mga pangyayari.

Ito naman ang pinandilatan ni Gail ngayon. “Iyong pride ko! Iyong maling akala ko. I-consider mo naman iyon. Para akong binatang nang libong beses. Nakakahiya! Assuming naman daw kasi ako kaagad, siyeeet!” Sumubo uli siya ng dessert.

“Eating that ice cream will not make you feel any better.”

Itinabi ng dalaga ang kinakain saka sumandal sa upuan. “That guy is weird. Talaga sigurong may tama ito sa utak, at kung ganoon nga, masuwerte ako’t nakaligtas ako sa mga kamay niya. Sabihin ba naman sa aking naging mag-asawa raw ang lola ko at ang lolo niya. Sira-ulo.”

“Hmm... this is getting more and more interesting,” komento ni Chona. “Siyanga pala,” may inilabas itong papel sa bulsa, “ito iyong address.” Kinuha niya iyon. “So, bibisitahin mo ba si Lolo na maaaring naging asawa ng lola mo?”

“How could I not? My curiosity is killing me.”

“Mommy, something interesting happened today,” bungad ni Gail pagpasok na pagpasok pa lang sa kanilang bahay at nakita ang inang patungong komedor.

“What?” tanong ni Criselda na hinintay na siya. sabay silang pumasok sa komedor kung saan naghihintay sa hapag ang tatlong kuya niya. “Nakilala mo na ba ang lalaking hindi matatakot sa tatlong goons mong kuya?”

Napangiti siya. Kung alam lang ng mommy niya na iyon din ang inakala niya just a few hours ago.

“Huwag kami ang sisihin n’yo kung bakit hindi pa siya nagkaka-boyfriend hanggang ngayon,” singit ng kuya niyang si Jackson.

“Oo nga, baka naman talaga lang walang may gusto sa ‘yo,” sabi naman ni Louie.

“For your information, maraming nagkakagusto sa akin pero kayong tatlong sira-ulo, wala kayong ginawa kundi pandilatan at takutin lahat ng nagpupunta rito at nagbabalak manligaw,” banas na sabi niya.

Nagkatinginan ang tatlong lalaki na napalabi pa.

“Imagine? Wala tayong kamalay-malay na dahil sa atin kaya malungkot ang love life niya?” Umiling pa si Jonas. “Kawawang Gail, duwag lahat ng mga nakikilala niyang lalaki at natatakot sa atin kahit wala naman tayong ginagawa.”

Nagtawanan ang mga kapatid niya.

“Walang ginagawa?” ani Gail na nagsalubong ang mga kilay. “Eh. ikaw nga itong sinadyang ihulog iyong baril mo sa harapan namin nang ihatid ako dito ni Fernan, eh!” paninita niya kay Jonas.

“Sino, iyong actor na si Fernan White? Nasasayangan ka r'on?” Pinandilatan siya ni Jonas na komo'y galit na galit sa kanya. “Papalit-palit iyon ng girlfriend, iyon ba ang gusto mong mapangasawa? Barilin ko 'yon, eh!”

“Kitam! Anong klaseng attitude iyan? Ni hindi n'yo naman alam ang tunay niyang pagkatao. Binabase n'yo ang lahat sa tsismis. At hindi lang siya ang ginaganyan n'yo. Halos lahat! Nakakahiya kayo. Porke mga pulis kayo, ang yayabang n'yo.”

“Aba't sira-ulo talaga ang babaeng ito! Siya na nga ang inaalagaan—”

“Tama na,” saway ng kanilang mommy.

“Ilang taon ka na ba, Gail? Twenty-five? Napakahalaga ba sa iyo ang mag-boyfriend? Bakit, gusto mo na bang mag-asawa, ha? Kami nga'y wala pang mga asawa, eh! Ba't ka nagmamadali?” litanya ni Jackson.

“Hindi ko sinabing mag-aasawa na ako! Hindi n'yo ba alam ang difference ng boyfriend sa asawa? Boyfriend lang ang gusto ko!” naiinis na tugon niya.

“Aba, kung boyfriend lang pala'ng hanap mo—” simula ni Louie.

“Tama na, please.” Ang boses ni Criselda ay walang kasing-lumanay.

Natameme ang magkakapatid. Kapag ginamit na kanilang mommy ang tonong iyon, pati radio ay mapapatahimik. That tone reminded them of their manners. It reminded them na kaharap nila ang kanilang ina. At hindi yata ito ordinaryong mommy.

Ito ang inang nabalo sa edad na beinte-siete at mag-isang itinaguyod ang mga anak. Bagaman paminsan-minsan ay nakakatanggap sila noon ng tulong mula sa mga lolo at lola, si Criselda pa rin ang umako sa lahat ng responsibilidad ng magulang. And she was damned good at it. Napalaki nito nang maayos ang apat na anak. Ang lahat ng mga lalaki ay nagpulis sa pagnanais na sundan ang yapak ng kanilang ama. At si Gail naman ay isa na ngayong sikat na celebrity.

“So,” anang biyuda, “ano iyong sinasabi noong nangyari kanina, hija?” tangka nitong pag-iiba ng usapan.

Bumuntong-hininga si Gail. Actually, nawalan na siya ng ganang magkuwento pero kailangan niyang sagutin ang ina.

“Was Lola Gaya ever married to someone else

besides Lolo Gabby?”

Napatigil ito sa paglalagay sana ng pagkain sa kanyang plato.

“Bakit? Ano’ng nangyari kanina? Saan galing ang tanong na iyan?” kunot na kunot ang noo nito nang magtanong.

“Kanina kasi, may nakilala akong lalaki who claimed na ang lolo niya raw ay naging asawa ni Lola Gaya. Pero siyempre hindi ako naniwala.” Nagkibit-balikat si Gail. “Nagti-trip lang siguro iyong lalaking iyon. Sayang, cute pa naman.”

“Oh, my gosh! He survived that day?” nanlalaki ang mga mata na paniniguro ni Criselda.

“Sino, Mommy?” anang dalaga.

“Si Riston. Ang lalaking unang pinakasalan ng lola mo.”

Napatigil siya sa pagsubo sana ng pagkain.

So that Trevor guy wasn’t lying.

“Ano’ng sabi mo? Nagkakilala kayo, nag-lunch date pa kayo kahapon at sinabi niyang bibisitahin niya dito sa bahay si Lolo?” Napatawa si Jing. “Hay

naku! Huwag mo ngang pinagluloloko si Lolo. Binibigyan mo lang ng false hope, eh.”

“I’ll have you kicking your own butt kapag dumating siya one of these days,” hamon ni Trevor.

“Ooohh... maniniwala sana ako kapag sinabi mong nakausap mo siya at gumawa siya ng appointment kung kelan mo dadalhin sa kanya si Lolo. But lunch date? And an offer for her to come here? Ay sus!” Napatampal pa ito sa noo. “Ang lakas naman pala ng karisma mo, ‘insan. Hindi kaya nagdedeliryo ka na?” Tumawa uli ito nang nakakaloko.

“Ikaw talaga, wala ka palang bilib sa pinsan mo, eh!” ani Lourdes. “Siguro all along ay hindi ka naniniwalang ma-a-accomplish niya ang pinapagawa sa kanya.”

“Mommy, if Gail Apache suddenly enters that door any day now, ibibili ko ng lechong baboy iyong pambili ko sana ng concert ticket ng *Daughtry*,” hamon ni Jing.

“Bring it on!” sigaw ng isang pinsan at nagpalakpakan ang lahat sa loob ng malawak na sala.

Tahimik naman si Lolo Riston na tila engrossed sa binabasang newspaper, pero alertong-alerto ang mga tainga nito sa nangyayari at pinipigil mapangiti.

Kiss The Girl - Mari Calingayan

Narinig nila ang paghinto ng isang sasakyan sa tapat ng bahay. Sumilip sa binatang si Minda upang tingnan kung sino ang dumating. Nakangiti ito nang humarap sa kanila.

“Mukhang makakatikim yata tayo ngayong araw ng lechon.”

4

Gail expected to meet only Trevor's grandfather. Hindi isang buong angkan na ngayon ay nakatanga habang papasok sila.

Napahigpit tuloy ang kapit niya sa braso ng ina. Mabuti na lamang at kasama niya ito sa pagpunta sa tahanan ng mga Menzi.

Sa sulok ng kanyang mga mata ay nakita niya kaagad si Trevor. Nakatayo ito sa gilid ng bintana. She avoided looking at him. Sa halip ay tiningnan niya ang matandang nakaupo at ngayon ay awang ang mga labi habang nakatitig sa kanya.

“Welcome to our home. Ako si Minda,” anang isang middle-aged na babae. Obviously, ito ang may-ari ng bahay.

Narinig niyang nagpakilala ang kanyang mommy. She still hadn't found her voice.

“It was really nice of you to come,” sabi pa nito at inaya na silang lumapit sa nakaupong matanda.

There was no doubt na ito si Lolo Riston.

“Papa, they're here. Si Gail at ang mommy niya.

Kiss The Girl - Mari Calingayan

Ang mommy niya ay anak mismo ni Gaya.” *Don’t you dare have another heart attack.* Iyon ang sinasabi ng tingting ipinukol ni Minda sa ama.

Pinilit ni Lolo Riston ang tumayo ngunit hindi magawa. Nanghihina pa rin kasi ang mga tuhod dahil sa pagkabigla pagkakita sa mag-ina.

“It’s almost like I’m looking at her again,” paos ang boses na sabi ng matanda.

Naramdaman ng lahat ang matinding emosyon sa boses nito. Which made them uncomfortable dahil hindi sila sanay na magseryoso ang kanilang lolo.

“She looked just as beautiful until the day she died,” ani Criselda sa malumanay na boses.

“When was that?”

“Two years ago.”

Tumangu-tango si Lolo Riston. Two years ago. Dalawang taon na rin mula nang mamatay si Margaret.

“They must be together in heaven right now,” pabulong na sabi pa nito.

They all sat in the sala like one big happy family.

Kiss The Girl - Mari Calingayan

Nasimulan ang kuwentuhan. Ikinuwento ni Lolo Riston kung paanong inakala nitong patay na si Gaya at kung paanong napunta sa States at nagkaroon ng pamilya.

Sinabi naman ni Criselda na inakala ni Gaya na namatay ang lalaki sa araw mismo ng kanilang kasal. Tumakbo ang buong pamilya nito sa mabubundok na bahagi ng Ilocos Sur at doon nakilala si Gabby na napangasawa nito.

When Gaya died, pina-cremate ni Criselda ang katawan nito tulad ng huling kahilingan ng ina at isinama ang abo sa puntod ni Gabby.

Nagmistulang listeners lang ang mga apo. Lalo na si Gail na fascinated sa mga naririnig.

“I hope wala kayong ibang pupuntahan,” ani Minda. “Kung puwede sanang dito na tayo maghapunan. Um-order ng lechon si Jing sa kabilang kanto. It will be ready for dinner.”

Napabungisngis ang mga pinsan ni Trevor.

Kaya naman hindi puwedeng hindi ikuwento ni Minda ang mga pangyayari, or else baka isipin ng mga bisita na bastos sila.

So everyone laughed nang marinig kung paanong

naghamon si Jing just a few minutes before Gail and Criselda arrived.

At nadako ang kuwento sa kung paano nila nakumbinsi si Trevor na kilalanin si Gail. Kung paanong umaayaw-ayaw noong una ang binata, ngunit pumayag nang marinig ang offer na sasakyan.

Nakangiti si Gail. Staring at no one in particular. Pero ang mga ngipin niya ay nangangalit sa panggigigil.

Ford Expedition lang pala ang katapat niya?

“So, kelan mo makukuha ang bagong sasakyan mo?” pauyam na tanong ni Gail during dinner. Magkatabi silang nakaupo ni Trevor sa harap ng dining table.

Humble ang ngiti niya.

“Hopefully, next week.”

“Hindi ka ba magpapasalamat sa akin? After all, kung hindi dahil sa akin, wala ka sanang bagong sasakyan.”

He could hear the sarcasm in her voice, pero pilit niyang binabale-wala. “Bilang pasasalamat,

iimbitahan kita sa dinner kapag nakuha ko na iyon at ikaw ang unang isasakay ko sa *Ford Expedition* ko.”

Unti-unting nagbago ang expression sa mukha ni Gail. Nawala ang sarkastikong ngiti nito. “Hoy,” pabulong na sabi nito, “kung hinahabol ako ng mga buwaya at tanging sasakyan mo lang ang maaaring makatulong sa akin, hindi ako sasakay d’on! Magpapalapa na lang ako nang buhay sa mga buwaya!”

Nakagat ni Trevor ang pang-ibabang labi. She was really mad! At hindi maiwasang lalong ma-guilty.

“I’d like to apologize for not telling you the—”

“Drop dead.”

“Totoo bang nag-date kayo ni Gail Apache?” Iyon ang pambungad na tanong ni Aileen nang tawagan ito ni Trevor later than night.

Nagulat ang lalaki. “Paano mo naman nalaman?”

“Nakita kayo ni Ate Sheryl sa restaurant.”

Ang malas naman niya sa lahat ng malas!

“I’m sorry. Hindi ko sinabi sa iyo. But it wasn’t exactly a date. Si Lolo Riston ang dahilan kung bakit

kami nagkita ni Gail Apache.” Kahit tinatamad ay napilatan siyang ikuwento ang tungkol sa kagustuhan ng abuelo na makita in person ang TV host. “At kagagaling lang nila ng mommy niya sa bahay ni Mommy kanina.” Muli ay nagkuwento siya tungkol sa pagpunta ng mag-ina.

Halatang hindi pa rin na-pacify ang tampo ng girlfriend. “So nakilala na niya ang lolo mo. Pati pa buong angkan.”

“Yeah.”

Narinig niya ang buntong-hininga sa kabilang linya. “Kumuha ako ng leave of absence. Luluwas ako bukas. It’s high time na makilala ko na rin ang lolo mo. That is, if you have time na ipakilala ako.”

Hindi niya maiwasang makaramdam ng pagkairita na kaagad namang nasundan ng guilt. Aileen had the right to feel bad about the situation. Dapat niyang intindihin ito.

“That’s great. He’s been asking lots of questions about you. Gustong-gusto ka na nga niyang makilala.”

Liar, liar, sumabat ng konsensya niya.

Napapikit na lamang sa frustration si Trevor.

Kiss The Girl - Mari Calingayan

Kasama niya si Aileen na nagtungo sa bahay ng kanyang mga magulang kinabukasan ng hapon.

Aileen was naturally charming, kaya naman nasiguro ni Trevor na magugustuhan ito ng kanyang lolo.

He couldn't be more wrong about that.

Iniwang nila ang kanyang mommy at lolo sa sala para i-prepare sa kusina ang pagkain na dala nila.

Lumabas ang dalaga after a while dahil hindi nila mahanap ang juicemaker na gagamitin nila sa oranges.

At lingid sa kaalaman ni Trevor, narinig ng nobya ang pag-uusap nina Minda at Lolo Riston sa lanai.

“Kasalanan ko ba kung mangarap man ako ng ganito?” himutok ng matandang lalaki. “Eh, sa nakikita ko lang naman ang sarili ko kay Trevor at si Gaya naman kay Gail. Natural lang na isipin ko ang posibilidad na magkatuluyan sila.”

“Puwede ba, tama na ‘yan, Papa. You’re being unfair to Aileen. Mabuting tao ang batang iyan.”

“Eventually, kapag nagkahiwalay sila ni Trevor, makakahanap din siya ng ibang taong para naman sa kanya.”

Kiss The Girl - Mari Calingayan

“Hay naku po, tama na at baka may makarinig sa iyo,” saway rito ni Minda.

Too late. Aileen already heard everything.

And her heart was filled with pain. And hatred.

“So, kumusta si Lolo Riston? May communication pa rin ba sila ni Gail Apache?” tanong ni Aileen sa kanya three days later.

“Oo naman. Actually, inimitahan nga ni Gail si Lolo para sa isang dinner tomorrow night. Tuwang-tuwa iyong matanda.” Napangiti si Trevor nang maalala kung paano halos mautal-utal pa ang kanyang abuelo habang ikinukuwento sa kanya ang imbitasyon.

He felt happy for him, and grateful to Gail dahil sa kabila ng busy schedule ay nabibigyan pa nito ng panahon ang lolo niya.

“Talaga, saan naman?” tanong ni Aileen na inihilig ang ulo sa kanyang balikat. Nasa bahay sila ng lalaki where they had just spent the night together.

“Sa *August Restaurant*.”

“Sus! Bakit naman d’on? Hindi sikat ang

restaurant na 'yon. Hindi ba siya marunong pumili ng lugar?"

"Pero masarap ang pagkain doon kahit hindi masayadong sikat tulad ng iba." Trevor never thought that it would look like he was defending Gail, pero iyon mismo ang basa ni Aileen. "At ikinokonsidera rin siguro ni Gail ang dami ng tao. Not many people go to that place. So safe sila sa mga reporters and photographers."

"Nakapagtataka namang nag-aabala siya para sa lolo mo." Aileen still wanted to question the intentions of the TV host.

"Hula ko, fascinated talaga siya sa love story ng lolo ko at lola niya. Pampelikula nga naman, di ba?" Napatawa siya nang mahina. "At siguro rin naaawa siya doon sa matanda at naisipang i-entertain naman ito. I can finally say na talagang down-to earth si Gail at napakatotoong tao."

Umalis si Aileen mula sa pagkakahilig sa balikat niya. Tumayo na ito at kinuha ang bag.

"You're going?" takang tanong ni Trevor.

"Uh-huh. May pupuntahan pa nga pala ako bago bumalik ng Pampanga. Ang daming pinaasikaso ni Boss, hindi na inisip na naka-leave ako." Sumimangot

pa ito. “Is there a chance na maihatid mo ako bukas?”

“Much as I’d love to, hindi puwedeng bumiyaha iyang sasakyan. Baka hindi ako makarating sa Pampanga. Sa isang araw ko pa makukuha iyong bagong *Ford* ko.” Napangisi siya nang maalala iyon.

“Hmm... bisitahin mo na lang ako kapag nakuha mo na ‘yun.” Ngumiti si Aileen.

“Of course. I wouldn’t miss the opportunity to show off.”

The dinner date was wonderful.

Binusog ni Lolo Riston si Gail ng mga kuwento tungkol kay Trevor mula pagkabata. Walang magawa ang dalaga kundi tumawa nang tumawa sa mga kalokohan nito. And although she decided to dislike him forever, hindi maiwasang unti-unting manlambot ang puso para sa binata.

“Pero hindi po ba sobra-sobra naman iyong kapalit ng ipinagawa n’yo sa kanya? A brand-new car is expensive,” aniya pagkuwan sa kalagitnaan ng kuwentuhan.

Nagkibit-balikat ang matanda. “I have nothing else to spend my money on. Hindi sa pagyayabang,

but all my children are well-off. And I'm receiving a good amount of pension. Ginagamit ko ito para i-spoil ang mga apo ko."

"I bet hindi natutuwa ang mga anak n'yo."

"Inggit lang sila."

Muling napatawa si Gail.

They talked about the past again. Ikinuwento lahat ni Gail ang lahat ng naaalala tungkol sa lola niya. Especially, the happy moments. Sinabi niya rito kung paano hanggang sa pagtanda ay nanatiling masayahin si Gaya.

It came to the point na nangilid uli ang luha sa mga mata ni Lolo Riston. "All my life," gumaralgal ang boses nito, "I hope na kung nakaligtas man siya sa giyera—I hoped na sana ay nagkaroon siya ng mabuting buhay katulad ko. I'm so happy to know that she lived well."

Gail was so touched kaya kinuha niya ang isang kamay ng matanda at ikinulong sa kanyang mga palad. They stayed that way for a long time hanggang sa pakiramdam niya ay okay na ito.

She went home that night, happy and content. Pakiramdam niya, may bago na naman siyang lolo.

Kinabukasan, halos maloka si Chona nang basahin ang balita sa isang tabloid.

Hayun sa front page ang larawan ni Gail. But she wasn't alone. Dahil kasama nito ang isang ugod-ugod na matanda at parang sweet na sweet na magkaharap sa isang tagong bahagi ng restaurant. Hawak ng babae ang kamay ng matanda!

Kung may tunog lang siguro ang mga nakasulat na salita, maaaring nabingi na ang bakla. Mistulang bombang sumabog ang mga katagang: *Caught In The Act*, at sa mas malaking letra, *GAIL'S DIRTY OLD MAN*.